# Ang Iyong Mga Karapatan at Proteksyon Laban sa Mga Hindi Inaasahang Medikal na Bill

Kapag kumuha ka ng emergency na pangangalaga o kapag nagpagamot ka sa isang provider na wala sa network sa isang ospital o ambulatory surgical center na nasa network, mayroon kang proteksyon mula sa hindi inaasahang pagsingil o pagsingil sa balanse.

## Ano ang "pagsingil sa balanse" (na kung minsan ay tinatawag na "hindi inaasahang pagsingil")?

Kapag nagpatingin ka sa isang doktor o iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan, posibleng may kailanganin kang bayaran na ilang partikular na gastusin mula sa sariling bulsa, gaya ng copayment, coinsurance, at/o naibabawas. Posibleng magkaroon ka ng iba pang gastusin, o kailanganin mong bayaran ang buong bill kung magpapatingin ka sa isang provider o kung pupunta ka sa isang pasilidad para sa pangangalagang pangkalusugan na wala sa network ng iyong planong pangkalusugan.

Tumutukoy ang "wala sa network" sa mga provider at pasilidad na walang nilagdaang kontrata sa iyong planong pangkalusugan. Puwedeng pahintulutan ang mga provider na wala sa network na singilin ka para sa kulang sa halagang napagkasunduan ninyo ng plano mo at sa buong halagang sinisingil para sa isang serbisyo. Tinatawag itong "**pagsingil sa balanse**." Malamang ay mas malaki ang halagang ito kaysa sa mga gastusin sa network para sa kaparehong serbisyo, at posibleng hindi ito ibawas sa iyong taunang limitasyon ng gastusin mula sa sariling bulsa.

Ang "hindi inaasahang pagsingil" ay isang hindi inaasahang bill ng balanse. Puwede itong mangyari kapag wala kang kontrol sa mga nauugnay sa iyong pangangalaga—gaya ng kapag mayroon kang emergency o kapag nagpaiskedyul ka ng pagpapatingin sa isang pasilidad na nasa network pero provider na wala sa network ang gumamot sa iyo.

## Mayroon kang proteksyon mula sa pagsingil sa balanse para sa:

### Mga emergency na serbisyo

Kung mayroon kang emergency na medikal na kundisyon at kukuha ka ng mga emergency na serbisyo mula sa isang provider o pasilidad na wala sa network, ang pinakamalaking puwedeng singilin sa iyo ng provider o pasilidad ay ang halaga ng bahagi sa gastusin sa network ng iyong plano (gaya ng mga copayment at coinsurance). Hindi ka **puwedeng** singilin ng balanse para sa mga emergency na serbisyong ito. Kasama rito ang mga serbisyong posible mong matanggap kapag stable na ang kalagayan mo, maliban na lang kung magbibigay ka ng nakasulat na pahintulot at isusuko mo ang iyong mga proteksyon mula sa pagsingil sa balanse ng mga serbisyong ito pagkatapos mong maging stable.

Methodist HEALTH SYSTEM

Kung mayroon kang saklaw sa pamamagitan ng isang plano ng insurance na pinapangasiwaan ng Texas o sa pamamagitan ng mga system sa pagreretiro ng empleyado o guro, bukod pa sa mga proteksyon sa itaas, **hindi** ka puwedeng singilin ng balanse, at **hindi** ka makakapagbigay ng pahintulot na singilin ng balanse para sa anumang serbisyo mula sa isang pang-emergency na pasilidad ng ospital o freestanding na pasilidad para sa emergency na medikal na pangangalaga pagkatapos mong magamot o maging stable para sa isang emergency na medikal na kundisyon.

### Ilang partikular na serbisyo sa isang ospital o ambulatory surgical center na nasa network

Kapag kumuha ka ng mga serbisyo sa isang ospital o ambulatory surgical center na nasa network, posibleng wala sa network ang ilang provider doon. Sa mga ganitong sitwasyon, ang pinakamalaking puwedeng singilin sa iyo ng mga provider na iyon ay ang halaga ng bahagi sa gastusin sa network ng iyong plano. Nalalapat ito sa mga serbisyo sa emergency na gamot, anesthesia, pathology, radiology, laboratoryo, neonatology, assistant surgeon, hospitalist, o intensivist. **Hindi** ka puwedeng singilin ng balanse ng mga provider na ito at **hindi** nila puwedeng hilingin sa iyong isuko ang mga proteksyon mo mula sa pagsingil sa balanse.

Bukod pa rito, kung mayroon kang saklaw sa pamamagitan ng isang plano ng insurance na pinapangasiwaan ng Texas o sa pamamagitan ng mga system sa pagreretiro ng empleyado o guro, **hindi** ka puwedeng singilin ng balanse, at **hindi** puwedeng hilingin sa iyo ng isang provider na isuko ang mga proteksyon mo mula sa pagsingil sa balanse kapag wala kang pagkakataong kunin ang mga serbisyo sa isang provider na nasa network

Kung kukuha ka ng iba pang serbisyo sa mga pasilidad na ito na nasa network, **hindi** ka puwedeng singilin ng balanse ng mga provider na wala sa network, maliban na lang kung magbibigay ka ng nakasulat na pahintulot at isusuko mo ang iyong mga proteksyon. Bukod pa rito, kung mayroon kang saklaw sa pamamagitan ng isang plano ng insurance na pinapangasiwaan ng Texas o sa pamamagitan ng mga system sa pagreretiro ng empleyado o guro, puwede mong bawiin ang iyong pahintulot para sa pagsingil sa balanse sa loob ng limang (5) araw ng negosyo pagkatapos mong ibigay ang nasabing pahintulot.

## Hindi ka kailanman aatasang isuko ang iyong mga proteksyon mula sa pagsingil sa balanse. Hindi mo rin kailangang tumanggap ng pangangalagang wala sa network. Puwede kang pumili ng provider o pasilidad sa network ng iyong plano.

### Kapag hindi pinapayagan ang pagsingil sa balanse, mayroon ka rin ng mga sumusunod na proteksyon:

- Responsibilidad mong bayaran ang iyong bahagi sa gastusin (gaya ng mga copayment, coinsurance, at naibabawas na babayaran mo kung nasa network ang provider o pasilidad). Direktang babayaran ng iyong planong pangkalusugan ang mga provider at pasilidad na wala sa network.

• Sa pangkalahatan, gagawin ng iyong planong pangkalusugan ang mga sumusunod:

1) Sasaklawin ang mga emergency na serbisyo nang hindi ka inaatasang humingi ng paunang pag-apruba para sa mga serbisyo (paunang pahintulot).

2) Sasaklawin ang mga emergency na serbisyo mula sa mga provider na wala sa network.

3) Ibabatay ang kailangan mong bayaran sa provider o pasilidad (bahagi sa gastusin) sa babayaran nito kung nasa network ang nasabing provider o pasilidad, at ipapakita ang halagang iyon sa iyong paliwanag ng mga benepisyo.

4) Ibabawas ang anumang halagang babayaran mo para sa mga emergency na serbisyo o serbisyong wala sa network sa iyong naibabawas at limitasyon sa gastusin mula sa sariling bulsa.

**Kung sa palagay mo ay may mali sa pagsingil sa iyo, puwede kang makipag-ugnayan sa** Centers for Medicare and Medicaid Services sa www.cms.gov/nosurprises o tumawag sa 1-800-985-3059, o sa Departamento para sa Insurance ng Texas sa www.tdi.texas.gov/medical-billing/surprise-balance-billing.html o 1-800-252-3439.

Pumunta sa www.cms.gov/nosurprises para sa higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa ilalim ng pederal na batas.
Pumunta sa www.tdi.texas.gov/medical-billing/surprise-balance-billing.html para sa higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa ilalim ng batas ng Texas.